Ang sinumang nangalaga sa apat na rak`ah bago ng ṣalāh sa tanghali at apat na rak`ah matapos nito, magkakait sa kanya si Allāh sa Impiyerno."}

Ayon kay Ummu Ḥabībah (malugod si Allāh sa kanya) na maybahay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) {Nakarinig ako sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: "Ang sinumang nangalaga sa apat na rak`ah bago ng ṣalāh sa tanghali at apat na rak`ah matapos nito, magkakait sa kanya si Allāh sa Impiyerno."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud, Imām At-Tirmidhīy, Imām An-Nasā'īy, Imām Ibnu Mājah, at Imām Aḥmad]

Nagbalita ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng nakagagalak na ang sinumang nagdarasal ng mga kusang-loob: apat na rak`ah bago ng ṣalāh sa tanghali at apat na rak`ah matapos nito, at nagpapamalagi at nangangalaga sa mga ito, magkakait sa kanya si Allāh sa Impiyerno.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/11251